## Ang Ontario Child Benefit

Ang Ontario Child Benefit ay isang programa sa probinsiya upang tulungan ang mga pamilyang mababâ ang kinikita sa mga gastusin para sa kanilang mga anak.

Kung mayroon kayong mga anak at maliit ang kinikita ng inyong pamilya, maaaring kwalipikado kayo para sa benepisyong ito.

## Checklist upang malaman kung kwalipikado para sa Ontario Child Benefit

Depende sa kinikita ng inyong pamilya, maaaring kwalipikado kayo para sa Ontario Child Benefit kung kayo ay:

- may anak na wala pang 18 taong gulang
- residente ng Ontario
- nag-file ng inyong income tax return, at nag-file din ang inyong asawa o kapareha
- nakarehistro para sa pederal na Canada Child Tax Benefit.

## Paano gumagana ang programa?

Hindi ninyo kailangang mag-apply para sa Ontario Child Benefit. Awtomatiko kayong isasaalang-alang basta nag-file kayo at ang inyong asawa o kapareha ng inyong mga income tax return bawat taon. Ang income na iniulat sa inyong tax return bawat taon ay gagamitin upang kalkulahin ang halagang matatanggap ninyo. Kakailanganin din ninyo magrehistro para sa pederal na Canada Child Tax Benefit.

## Magkano ang matatanggap ko?

Kung kwalipikado kayo, ang halagang matatanggap ninyo ay depende sa kung ilan ang inyong mga anak na wala pang 18 taong gulang at ng netong kinikita ng inyong pamilya ayon sa pag-aseso ng Canada Revenue Agency.

Halimbawa, kung mayroon kayong dalawang anak at ang netong kinikita ng pamilya ay $25,000, maaaring makatanggap kayo ng kabuuang buwanang kabayaran na humigit-kumulang sa $67 simula Hulyo 2008 hanggang Hunyo 2009. Ito’y lalaki at magiging $150 bawat buwan kapag ang programa ay nasa lugar na nang husto sa Hulyo 2011.

**Kailangan ba ninyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa Ontario Child Benefit?**

Makakahanap kayo ng karagdagang impormasyon online sa www.ontario.ca/childbenefit

Para sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa Ontario Child Benefit,tumawag nang libre sa:
1-866-821-7770
TTY 1-800-387-5559
1-866-821-7770
TTY 1-800-387-5559

Tawagan nang libre ang **Canada Revenue Agency** sa sumusunod na numero ukol sa mga ispesipikong katanungan tungkol sa inyong kabayaran:
1-800-387-1193.
TTY 1-800-665-0354
1-800-387-1193.
TTY 1-800-665-0354

**Iba pang mga Mapagkukunan ng Impormasyon:**

Kailangan ba ninyo ng tulong sa filing ng inyong taxes?

Maaari ninyong kontakin ang Canada Revenue Agency sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-959-8281 o pagbisita sa www.cra.gc.ca/forms para sa tax packages at karagdagang impormasyon.

**Kailangan ba ninyo ng impormasyon tungkol sa Canada Child Tax Benefit?**

Kung hindi pa kayo nagrerehistro para sa pederal na Canada Child Tax Benefit, maaari ninyong kontakin ang Canada Revenue Agency sa 1-800-387-1193 o bisitahin ang www.cra-arc.gc.ca/benefits/cctb para sa karagdagang impormasyon.